Ang lahat ng mga bata ay kasali kahit na ito ay ganapin sa araw ng Sabado.

② Mga Magulang

Sa bansang Hapon, halos lahat ng mga magulang ay dumadalo sa araw ng pagtatapos.

Paunawa : Para sa mga lolo, lola at iba pang mga kamag-anak na dadalo, alamin muna sa guro dahil limitado ang bilang ng mga upuan, kung maraming pupunta para dumalo maaaring kapusin sa upuan. Tiyaikin muna at ipaalam sa guro.

4. Ano ang mga gagawin ?

① Pagbati ng prinsipal

Ang prinsipal ay magsasalita at magbibigay puri sa mga batang magtatapos.

② Paggagawad ng mga Diploma (Certificate)

Isa-isang iaabot ng prinsipal ang diploma sa mga bata.

③ Pagbati mula sa Kinauukulan ng Edukasyon at Bisita ng Paaralan

Pagbibigay ng mga mensahe para sa mga batang magtatapos.

④ Pag-awit ng mga batang magtatapos.

Nagsanay sa pag-awit ang mga magtatapos na mga bata para ihandang awitin sa araw na ito.

卒業式

⑤ 卒業生・在校生お別れの言葉

卒業生・在校生がお互いにお別れのメッセージを言います。

⑥ 記念撮影

卒業する子どもたち、先生、保護者みんなで写真を撮ります。



5. なにを着よう？なにを持って行こう？

(1) 服装

① 子ども

フォーマルな服など、少しきちんとした服を着ていくことが多いです。詳しいことは、先生に聞いておきましょう。

② 保護者

落ち着いた色・デザインの服を着ましょう。たとえば、女の人なら、色は、黒や紺色がおすすすめです。デザインは、ジャケットとスカート、ワンピースなどがおすすすめです。

男の人は、黒いスーツがいいです。

女の人、男の人、男の人、男の人、ジーパンやTシャツ、スウェットなどは着ません。



(2) 保護者の持ち物

① スリッパ

② ビデオ・カメラ 子どもの姿を映したい場合はカメラやビデオを持って行きます。カメラやビデオでの撮影は他の方の邪魔にならないようにしましょう。

6. その他

(1) 早めに行こう！

卒業式では、始まる時間や、プログラムが決まっています。卒業式が始まる 15分ほど前に、小学校に着くようにしましょう。

(2) 卒業式の雰囲気

卒業式は、子どもの成長をみんなで喜び式です。

また、中学校にむけて新しい出発を静かに見守る式です。パーティーのように、にぎやかな式ではありません。



(3) 卒業証書

子どもたちが、小学校での教育課程を終えたことを証明するものです。大切に家に持って帰り、失くさないようにしましょう。

- ⑤ pamamaalam na mensaha ng magtatapos
Ang magtatapos na bata (representative) ay magbibigay ng pamamaalam na mensahe sa lahat at ang mag-aaral na hindi pa magtatapos na bata (representative) ay magbibigay ng pamamaalam ng mensahe naman para sa mga magtatapos.



- ⑥ Pictorial

Magkukuhaan ng litrato ang mga batang magtatapos, mga magulang at mga guro.

5. Ano ang isusuot at dadalhin?

- (1) Kasuotan

- ① Bata

Pormal na damit. Disente o maayos na damit ang karamihang isinusuot dito.

Para sa karagdagang kaalaman, magtanong sa guro.

- ② Magulang

Magsuot ng disente at simpleng kulay ng damit. Halimbawa sa kasuotan ng babae- palda at blusa na may jacket o kaya bestida. Mas makabubuting isuot ang kulay itim o asul (dark blue.) Para sa lalaki- mas makabubuti ang magsuot ng itim na suit (black suits.) Huwag magsuot ng jeans, t-shirt o sweat suits.

- (2) Dadalhin ng magulang

- ① Panloob na tsinelas (room slipper)

- ② Camera / Video

Maaaring magdala ng camera at kunan ng litrato o video ang bata subalit tiyakin na huwag makaabala o makagambala sa ibang mga tao.



6. Iba pa

- (1) Pumasok ng maaga.


Ang sotsugyoushiki ay nagsisimula sa takdang oras. Mangyaring pumunta ng 15 minutos bago magsimula ang seremonya.

- (2) Ang uri ng seremonya ng pagtatapos

Ito ay seremonya sa pagdiriwang ng paglaki ng bata, pagdiriwang para sa maayos na paghahatid para sa panibagong yugto ng buhay sa mataas na paaralan (Junior High School.) Subalit ito ay hindi katulad ng isang masayang party.

- (3) Diploma

Ito ay isang katibayan sa pagtatapos ng elementarya ng bata. luwi ng bahay, ingatan na ito'y huwag mawala.



びょうき 病気やけがのとき



1. 子どもが病気やけがをしたら

家や外で子どもが病気やけがをしたら、落ち着いて対応しましょう。病院が休みの休日や夜間に病気やけがをした場合、医療機関案内サービスを利用しましょう。

外国語での案内サービス

鉄道の駅名または市区町村名を発音すると、一番近い医療機関を、音声またはFAXで自動的に案内します。5ヶ国語（中国語、英語、ポルトガル語、スペイン語、韓国語）に対応しています。

電話・FAX：(050) 5810-5884

緊急の場合は救急車を呼びましょう。電話番号は「119」です。電話をするときには、日本語で話さなければいけません。日本語でうまく説明できないときは、近くの日本語を話せる人に助けを求めましょう。近くに助けを求められる人がいない場合は、簡単な日本語で伝えるようにしましょう。

聞かれる内容

「火災か救急か」

→ 救急です。

「住所」

→ 救急車に来てほしい場所を伝えます。

「名前、連絡先」

→ かけた人の名前と電話番号

「いつ、誰が、どこで、どうしてけがをしたのか」

→ 子どもがいつ、どこで、どうしてけがをしたのか言います。

「今どんな状態か」

→ 見たままの子どもの状態を簡単に言います。

2. 病院へ行ったあと

病院で診察を受けたら、医師に小学校に行ってもいいか確認をします。

(1) 行けないとき

小学校を休ませて、家で看病します。小学校の先生は、子どものことを心配しています。休むことと病名や症状を具体的に伝えてください。

(2) 行けるとき

小学校へ行けるときも、先生に子どもの病名や症状を具体的に伝えましょう。あらかじめ、医師に紙に書いておいてもらうことをおすすめします。

Sa Oras ng Karamdaman / Sakit o Pagkasugat



1. Kapag may karamdaman o nasugatan ang bata

Maging mahinahon kapag nangyaring magkasakit o masugatan ang bata sa loob o maging sa labas ng bahay. Kung ang ospital ay sarado o walang pasok dahil sa holiday, may mga serbisyo na maaaring tawagan para alamin ang lugar kung saan puwedeng dalhin ang bata.

Gabay Para sa Ibang Wika

Sabihin ang pangalan ng pinakamalapit na estasyon ng tren, kung saang distrito ito, pangalan ng lugar lungsod o bayan. Pagkatapos nito ay sasabihin o ipapadala sa fax ang mga impormasyon kung saan ang pinakamalapit na pagamutang maaaring puntahan. May nakalaang serbisyo sa 5 wikang banyaga (Intsik o Chinese, Ingles, Portuges, Espanyol at Korean.)

Tel. • FAX : (050) 5810-5884

Kapag malubha ang karamdaman, tumawag ng ambulansiya sa numerong 「119」 Subalit kakailanganing magsalita ng Nihongo sa pakikipag-usap dito. Kung sakaling hindi marunong mag-nihongo, humanap ng taong maaaring makatulong na makipag-usap sa paligid. At kung walang sinuman na makakatulong kumausap, sikaping ipaliwanag kahit na sa simple o paputol-putol na wikang Hapon.

Mga Katanungan o Bagay na Dapat Ipaalam: (Aalamin ang pakay ng pagtawag.)

「sunog (Kasai) o ambulansiya (Kyuukyuu)」

→ ambulansiya po. (kyuukyuu desu)

「tirahan (lugar na kinaroroonan) (jyusho)」

→ sabihin ang lugar o address kung saan dapat papuntahin ang ambulansiya.

「pangalan (Nanae), kontak number (telepono) (renrakusaki)」

→ Pangalan ng taong tumawag at kontak number (telepono)

「kailan? (itsu), sino? (darega), saan? (dokode), papaano? / anong nangyari? (doushite kegawo shitanoka)」

→ Sabihin kung kailan, saan at kung anong nangyari sa bata

「Anong kalagayan sa ngayon (Ima donna jyoutai ka)?」

→ Ipaliwanag ang kalagayan ng bata sa kasalukuyan.

2. Pagkatapos pumunta ng ospital

Alamin sa manggagamot kung maaaring pumasok ng paaralan ang bata matapos suriin ng doktor.

(1) Kung hindi puwedeng pumasok

Huwag papasukin ang bata. Manatili sa loob ng bahay at alagaan ng mabuti. Upang huwag mag-alala ang guro, ipaalam ang kalagayan ng bata at kung anong nararamdaman nito sa araw ng hindi pagpasok ng elementarya.

(2) Kung makakapasok sa klase

Kung makakapasok sa klase, mangyaring ipaalam sa guro kung anong kalagayan ng bata at kung ano ang pangalan ng sakit nito. Mas makabubuting humingi ng kasulatan sa manggagamot na magpapatunay tungkol sa karamdaman ng bata, na ito ay puwedeng pumasok sa paaralan.

薬の取り扱いについて

- ・ 小 学校は 薬 を預かってくれませんか。もし 給 食 の後に 薬 を飲む必要があれば、子どもが自分で飲めるよう 練習 をさせましょう。担任の先生に「子どもが 薬 を持っていること」を伝えましょう。学校に連絡せずに 薬 を持って行ってはいけません。
- ・ 「1日3回」の 薬 は、必ず 昼 食 の後に飲まなければいけないというわけではありません。帰宅後に飲ませることもできます。そのときは夜の 薬 まで何時間あけなくてはならないか医師に相談しましょう。
- ・ 病 院で医師に相談すると「1日3回」の 薬 を「1日2回」にしてくれることがあります。相談してみましょう。

3. もしものときのために

子どもは、病気やけがをよくします。緊急のときあわてないために、病 院の連絡先や時間を調べましょう。

①あいち 救 急 医療ガイド <http://www.qq.pref.aichi.jp/>

「愛知県 救 急 医療情報システム」のホームページ「あいち 救 急 医療ガイド」では、外国語で対応できる休日診療所を検索することができます。

②あいち医療通訳システム <http://www.aichi-iryou-tsuyaku-system.com/>

愛知県の一部の病 院などで受けられる通訳や翻訳のサービスです。外国語でホームページを見ることができます。

4. 保健室でできること



(1) 保健室ってなに？

小 学校には保健室があります。保健室には養護教諭と呼ばれる先生がいます。養護教諭は子どもが学校で病気やけがをした時、応 急 処置をしてくれます。そして病 院に行った方がいいか、その後学校で授 業が受けられるかを判断します。養護教諭は医師ではありません。必要なときは必ず病 院で診察を受けましょう。

(2) 迎えが必要なとき

養護教諭が「病 院に行く必要がある」や「この後学校で授 業を受けることができない」と判断したら、保護者は子どもを学校に迎えに行かなくてはなりません。できるだけ早く学校に迎えに行ってください。また子どもが病気やけがをした時に、きちんと連絡が取れるよう、学校に連絡先を覚えておきましょう。

Tungkol sa Paggamit ng Gamot

- Hindi puwedeng maghabilin ng gamot sa paaralan. At kung sakaling kakailanganing uminom ng gamot ang bata, sanayin itong uminom mag-isa. Dahil sa hindi puwedeng magdala ng gamot sa paaralan, ipaalam sa guro kung ang bata ay may dalang gamot na kailangang inumin sa takdang oras.
- May mga gamot na kailangang inumin tatlong beses sa isang araw. Maaaring inumin ito sa umaga bago pumunta ng elementarya at sa hapon, pagbalik ng bahay. Alamin sa doktor kung ilang oras ang nararapat na maging pagitan sa pag-inom ng gamot.
- May mga gamot na puwedeng inumin dalawang beses sa isang araw sa halip na tatlong beses sa isang araw, ito ay maaaring ipakiusap sa doktor. Sumangguni sa manggagamot.

3. Para sa mga anumang pangyayari

Ang mga bata ay kadalasang nagkakasakit o nagkakaroon ng sugat. Para maiwasan ang pagmamadali o pagpapanik sa oras na ito. Alamin ang pangalan, lugar at katawagan ng ospital.

①Aichi Kyuukyuuiryou Guide <http://www.qq.pref.aichi.jp/>

Ang homepage ng 「Aichiken Kyuukyuuiryoujyohou System」 at 「Aichi Kyukyuiryou Guide」 ay may impormasyong makikita sa ilang mga wikang banyaga.

②Aichi Iryoutsuuyaku System <http://www.aichi-iryou-tsuyaku-system.com/>

May mga ilang ospital o pagamutan sa Aichi Ken na may interpreter o translator sa ibang wika.

Maaaring tingnan sa homepage ng wikang banyaga.

4. Ano ang maaaring gawin sa pagamutan (hokenshitsu) ?



(1) Ano ang Hokenshitsu ?

Mayroong klinika o pagamutan sa loob ng elementarya. Sa loob ng pagamutan (hokenshitsu) ay may nursing teacher (youngokyoyu) na nagbibigay ng paunang lunas na gamot sa mga batang may sakit o may sugat. Sila din ang nagpapasya kung kinakailangang dahil ang bata sa ospital o hindi.

Ang nars ay hindi isang manggagamot o doktor kaya kung nararapat, dalhin at patingnan agad ang bata sa ospital.

(2) Kung Kakailanganin ang Sundo

Base sa kalagayan ng bata, ayon sa pagtingin ng nars at napagpasyahang " kailangang dalhin ang bata sa ospital " o kaya " hindi makakapag-aral sa loob ng silid-aralan dahil sa nararamdaman," sunduin agad ang bata sa paaralan. At para sa mga oras ng di inaasahang sakit o pagkasugat ng bata, tiyaking maibigay sa paaralan ang katawagan o telepono kung saan madaling makakausap o makokontak.

からだ せいちょう 体の成長



分からないことや困ったことがあったら、先生に相談しましょう。

1. 子どもの体の成長について

子どもが小学校に通う6才～12才の間、子どもの体は大きく成長します。身長も体重もぐっと増え、第二次性徴が現れます。子どもは自分の体の変化に戸惑い、恥ずかしがることもあるでしょう。そんな時こそ保護者の理解が必要です。必要な時にサポートをしながら、子どもの成長を温かく見守りましょう。

2. 体に合ったものを身につけよう

子どもは小学生の間に身長は30cm～40cm、体重は20kg～30kg増えます。昨年着ていた服が今年は着られないかもしれません。そんな時は体に合ったものを子どもに与えてあげましょう。いつも買う必要はありません。きょうだいの服を使ったり、近所のお兄さんお姉さんにももらったりするという方法もあります。フリーマーケットなどを利用していいでしょう。

3. 第二次性徴ってなに？

第二次性徴とは、子どもの体が大人の体になるための準備を始めることです。第二次性徴が始まると子どもの体にはいろいろな変化が起こります。10才前後から始まる人が多いですが、早い子どもは女の子では7才から、男の子では9才から始まります。

第二次性徴が始まると、子どもは自分の体の変化に戸惑います。恥ずかしくて保護者のサポートを必要としている時も、自分から言い出すことが出来ないかもしれません。ぜひそんな時は保護者から声をかけてあげてください。普段から子どもの様子をよく見てあげることが大切です。

★第二次性徴の体の変化と必要なサポート★

男子	保護者のサポート	女子	保護者のサポート
こえが 声変わり		にゅうぼう はったつ 乳房の発達	※ ブラジャーを身につけさせる
ひげの発生	シェーバーの使い方を教える	しょうちよう 初潮	生理用品の使い方を教える

※服の上からでも胸のふくらみがわかるようになったら、子ども用のブラジャーを身につけさせましょう。日本では人前に出る場合、ブラジャーを身につけます。

4. 小学校のサポート

ほとんどの小学校で、子どもが4年生の時に第二次性徴について授業があります。そこで子どもは自分の体の変化について学ぶことが出来ますが、ぜひ家でも話す機会を作ってください。

女の子は、もし学校で初潮がきた場合、保健室でサポートを受けることが出来ます。保健室には生理用品や下着の予備が準備してあります。

Ang Pagbabago ng Katawan



Sumangguni sa guro kung may mga katanungan o hindi maintindihan.

1. Tungkol sa pagbabago ng katawan

Sa pagpasok ng bata ng elementarya, mula sa anim 6 hanggang 12 labindalawang taong gulang, lumalaki at unti-unting nagbabago ang kanilang mga katawan. Nadadagdagan ang timbang, taas at may mga iba pang pagbabago sa pangangatawan nito. Dahil sa mga pagbabagong ito, maaaring malito at mahiya kung kayat kaka-ilanganin ang malawak na pang-unawa at pagsuporta ng magulang o tagapag-alaga. Pangalagaang mabuti ang paglaki ng bata.

2. Mga gamit na ayon sa katawan

Ang bata sa elementarya ay tumataas mula 30cm. ~ 40cm. at 20kg. ~ 30kg. naman ang idinadagdag na timbang nito. Maaaring hindi na maisusuot ang damit sa nakaraang taon kayat ipasuot ang nararapat na kasuotan angkop sa laki ng bata. Hindi na kailangan pang bumili ng bagong kasuotan. Maaaring gamitin ang damit na pinaglakihan o pinaglumaan ng kapatid o kaya maaaring makabili ng mura sa free market o recycle shop.

3. Ano ang Dainijiseichou ?

Ang dainijiseichou (adolescent) ito ay ang mga pagbabago ng katawan mula bata, sa pagiging isang binalit o dalagita. Karaniwan sa 10 gulang o edad ng bata nagsisimula ang mga pagbabago sa iba't-ibang bahagi ng pangangatawan. Subalit may mga batang babae mula 7 pitong taong gulang at batang lalaki na mula 9 siyam na taong gulang ang maagang nagsisimulang magbago ang katawan.

Dahil sa mga pagbabagong ito, makakaramdam ng pagkalito at pagkahiya ang bata. Maaaring hindi makapagsalita ang bata dahil sa mga ibinabago. Kayat hanggat maaari ay magulang ang magpasimulang kumausap. Kakailanganin ang malawak na pang-unawa at pagsuporta ng magulang o tagapag-alaga. Mahalaga ang palagiang pagmamasid o pag-aalaga sa kondisyon ng katawan ng bata.

★ Mga Makikitang Pagbabago sa Katawan ng Bata ★

Lalaki	Pangangalaga / Suporta ng Magulang	Babae	Pangangalaga / Suporta ng Magulang
Pagbabago ng Boses		Paglaki ng Suso	Paghahanda ng Bra
Pagtubo ng Bigote	Tamang gamit ng pang-ahit (shaver)	Pagkakaroon ng Buwanang dalaw (menstruation)	Turuan sa paggamit ng napkin.

※ Kapag halata na ang dibdib ng bata, pasuotin ito ng pambatang bra na angkop sa laki nito. Sa bansang Hapon, kinakailangang magsuot ng bra lalo na kung haharap sa ibang tao o sa publiko.

4. Suporta ng Elementarya

Kadalasan sa bawat elementarya, pagsapit ng ika-apat na baitang, pag-aaralan ng mga bata sa klase ang tungkol sa mga pagbabago ng kani-kanilang mga katawan. Mangyari lamang na gumawa ng pagkakataong mapag-usapan din ito sa loob ng bahay.

Para sa batang babae, may pansamantalang nakahandang napkin sa klinika (hokenshitsu) sa oras na magkaroon ng buwanang dalaw (menstruation) ang bata.

よぼうせっしゅ 予防接種

1. なぜよぼうせっしゅを受けの？

子どもは、免疫力が弱く、病気にかかりやすいです。予防接種で、予防できる病気があります。大切な子どもの命を守るために、予防接種を受けましょう。国籍や在留資格に関係なく受けることができます。

2. ワクチンのしくみ

予防接種に使う薬液のことを「ワクチン」と言います。ワクチンは、体のなかに人工的に免疫を作りだします。ワクチンによって、病気が重くなる危険を低くすることができます。ただ、その免疫は少し弱く、何回かの接種が必要な場合があります。

3. よぼうせっしゅの種類

予防接種には、定期接種と任意接種の2種類があります。

①定期接種・・・国が決めて、受けるよう保護者に勧めている予防接種です。
予防できる病気：ジフテリア、百日せき、ポリオ、麻疹・風しん、日本脳炎、破傷風、結核

②任意接種・・・流行の時期にあわせて、受けるかどうか医師と相談して決めます。
予防できる病気：インフルエンザ、おたふくかぜ、水ぼうそう、B型肝炎、など

4. ひょう費用は？

①の定期接種は、定められた期間内であれば、おおよそ無料です。
②の任意接種は、ほとんどの場合、全額自己負担です。費用は安いものではありません。しかし、予防接種を受けなかったために、重い病気にかかり、命を落とすことがあるのです。そのことを考えれば、予防接種はとても重要です。

5. いつ受けの？

ワクチンは、それぞれの月齢や年齢によって接種できる期間が決まっています。接種期間についてのお知らせが、自治体から来ます。その期間内に受けるようスケジュールをたてましょう。期間外に受ける場合、費用が高くなる場合があります。

Bakuna / Imunisasyon

1. Bakit kailangang magpabakuna ?

Mahina pa ang resistensya ng katawan ng mga bata kung kaya madali itong dapuan o tablan ng sakit. Mayroong mga bakuna na panlaban sa mga sakit. Ang pagbabakuna ay isang pangangalaga sa kaligtasan ng buhay ng bata. Maaaring magpabakuna ang kahit na sino at anuman ang nasyonalidad o estado ng pananatili.

2. Pamamaraan ng bakuna ?

Ang injection / pagtuturok ng bakuna ay nagbibigay ng artipisyal na imunisasyon ng sakit sa katawan. Maaaring hindi na magka-sakit ang bata o mabawasan ang malubhang sakit sa pamamagitan ng natanggap na bakuna. May pagkakataong kailangang magbigyan ng ilang beses na bakuna para sa mabuting resulta.

3. Uri ng Bakuna

Mayroong dalawang uri ng bakuna, ito ay regular at opsyunal.

① Regular na Bakuna Ito ay itinakda at rekomendado ng bansa sa mga magulang.

Ito ay ang: Diphteria, Whooping cough, Polio, Measle, Rubella, Japanese Encephalitis, Tetanus at Tuberculosis

② Opsyunal na Bakuna Ayon sa paglaganap ng epidemya ng sakit, maaaring magpabakuna nito kung nanaisin.

Ito ay ang: Influenza, Mumps, Chickenpox, Hepatitis B at iba pa.

4. Magkano ang bakuna?

Kung ang regular na bakuna sa ① ay tatanggapin sa nakatakdang panahon, ito ay walang bayad.

Ang opsyunal na bakuna sa ② ay may bayad at kadalasang may kamahalan. Subalit ang pagpapa-bakuna nito ay makaka-pagligtas sa bata na huwag makakuha ng malubhang karamdaman, kaya ito ay mahalaga ring uri ng bakuna.

5. Kailan dapat magpabakuna ?

Ang bawat injection ng bakuna ay may nakatakdang panahon ayon sa edad at bilang ng buwan ng kapanganakan ng bata. Ang panahon ng bakuna ay itinakda ng munisipalidad. May matatanggap na pabatid na mensahe mula rito. Magpabakuna ayon sa itinakdang panahon. Mapapamahal ang bayad sa bakuna kung hindi matatanggap agad sa nakatakdang panahon.

スケジュールをたてるとき

母国の予防接種のスケジュールと日本のスケジュールが、大きく異なることがあります。母国で受けた予防接種があれば、それを把握しましょう。そのうえで、日本で受ける予防接種のスケジュールをたてましょう。

6. どこで受けるの？

市が指定した保健所や保健センター、かかりつけの小児科などで受けます。

市が指定したところの場合、住民登録された方のみ受けることができます。

7. 受ける前に

予診票を記入します。記入のしかたが分からないときは、保健所や病院に相談しましょう。

8. もちもの

母子健康手帳、予診票（記入したもの）、予防接種手帳など

就学時健診や入学説明会では、ワクチンの接種記録を提出します。準備しておきましょう。

9. 受けたあと

9. 副作用について

ワクチンを接種したあと、副作用が出ることがあります。程度はいろいろですが、接種した場所が赤く腫れる、熱が出るなどです。心配なときは、医師によく相談しましょう。

10. 子どもの健康のために

10. かかりつけの小児科をみつけよう！

疑問や不安を気軽に相談できる、かかりつけの小児科をみつけましょう。また、予防接種だけでなく、子どものようすについて心配なことがあれば、医師に何でも相談しましょう。

11. 正しい情報を得よう！

予防接種を安心して受けるために、正しい情報を得ましょう。

「予防接種と子どもの健康」（財）予防接種リサーチセンター
<http://www.yoboseshu-rc.com/index.php?id=8>

「予防接種と子どもの健康2012」の本文を、外国語（英語、韓国語、中国語、ポルトガル語、フィリピン語）で読むことができます。また、外国語の予診票も、ダウンロードして使えます。（お願い）ダウンロードするときは、利用規約をしっかりと読んで守るようにしましょう。

Sa Pagpapalano ng araw o Schedule

Maaaring magkaiba ang takdang panahon ng pagpapabakuna sa sariling bansa at sa Japan. Tandaan ang mga bakuna na natanggap na sa sariling bansa at isaayos ang araw / schedule pagdating sa Japan.

6. Saan magpapabakuna ?

Magpapabakuna sa Hokenjyo / health center o sa ospital / klinika na itinakda ng munisipalidad.

Maaari ding magpapabakuna sa hokenjyou / health center na kung saan rehistrado ang pangalan ng bata.

7. Bago magpapabakuna ?

Sagutan muna ang mga katanungan ukol sa bakuna. Kung hindi alam ang pagsagot nito, isangguni sa ospital o klinika.

8. Mga Dapat Dalhin

Gabay na Personal para sa Ina at Anak (Mother and child health book)(Boshi Kenkoutechou), Katanungan sa Bakuna / Vaccine Survey na nasagutan na, Vaccine Record Booklet.

Ang mga ito ay kailangang ihanda ng maaga para dalhin sa araw ng pagpapa-bakuna.

Pagkatapos Mabakunahan

9. Side effect / Epekto

May pagkakataong may epekto (side effect) di karaniwang pangyayari sa katawan ng bata pagkatapos ng bakuna. Magkakaiba ang epekto nito sa bawat tao. Maaaring mamula at mamaga ang lugar na pinagbakunahan o lagnatin, kung may pag- aalala, huwag mag-atubiling kumonsulta sa manggagamot .

Para sa Kalusugan ng Bata

10. Humanap ng Manggagamot (Pediatrician) para sa mga bata na regular na mapupuntahan

Maghanap ng regular na pagamutan para sa bata. Hindi lamang para sa bakuna kundi para sa konsultasyon o kung may problema tungkol sa kalusugan nito.

11. Alamin ang tamang impormasyon!

Alamin ang tamang impormasyon ukol sa pagbabakuna.

「Yobou Sesshu to Kodomo no Kenkou 【Bakuna at Kalusugan ng Bata】」

Vaccination Research Center

<http://www.yoboseshu-rc.com/index.php?id=8>

Ang impormasyon tungkol sa " Bakuna at Kalusugan ng Bata 2012 " ay mababasa sa iba't-ibang wika (Ingles, Korean, Intsik, Portuges at Tagalog.) Maaaring mag-download ng Katanungan sa Bakuna / Vaccine Survey sa sariling wika. (Pakiusap) Sundin ang tamang paraan sa pag-download nito.

ちゅうけんさ ぎょう虫検査

分からないことや困ったことがあったら、先生に相談しましょう

しょうがっこう しょうがっこうでは、はる 春に1～3年生がぎょう虫 検査を行います。（平成27年度限りで廃止）

1. ぎょう虫 なんてなに？

ぎょう虫 は、人が寝ているとき、腸 から出て来てお尻の穴のまわりに 卵 をうみます。すると、お尻の穴がかゆくなります。さらに、卵 が手について口に入ったり、他の人に感染することもあります。感染に気付かないこともあるので、検査しなければなりません。

2. いつ検査するの？

あさ お 朝起きてすぐ、うんちやおしっこをする前に検査します。

けんさ 検査する日： 月 日（ ）の朝と 月 日（ ）の朝

ていしゅつ び 提出日： 月 日（ ）

（注意！）おしっこやうんちを提出する必要はありません。

3. どうやって検査するの？

～1日目～

- ① 透明のカバーをはがす。
- ② お尻の穴に、セロファンの青いのりの部分を貼りつけ、指で2、3回押す。
- ③ お尻からセロファンを取る。
- ④ 透明のカバーを再び貼りつける。

～2日目～

- ⑤ ①～③を同じように行う。
- ⑥ 1日目のカバーをはがして、2日目のセロファンと合わせる。



Threadworm Test(Gyouchuu Kensa)

Sumangguni sa guro kung may mga katanungan o hindi maintindihan.

Isinasagawa ang Gyouchuu Kensa pagsusuri ng bulate sa loob ng katawan ng mga bata sa panahon ng Spring mula sa una hanggang ikatlong baitang ng elementarya. (Ito ay nakatakda ng itigil sa taong 2015.)

1. Ano ang gyouchuu ?

Kapag tulog ang tao, ang bulate (gyouchuu) sa loob ng katawan ay lumalabas mula sa bituka at pumupunta sa lagusan ng puwet upang mangitlog. Kapag ang itlog ay napunta sa kamay o naipasok sa bibig, maaari itong makahawa ng iba. Maaaring hindi mamalayan na ang tao ay mayroon nito o nahawaan na kung hindi susuriin.

2. Kailan dapat magsuri ?

Paggising sa umaga, magsuri agad bago dumumi o omihi.

Araw ng Pagsusuri ✎ : _____ Buwan _____ Araw () ng Umaga at _____ Buwan _____ Araw ()



Ipasa ng ✎ : _____ Buwan _____ Araw ()

(Paalala) Hindi kailangang dalhin ang ihi at dumi

3. Paano isasagawa ang pagsusuri ?

~Sa unang araw~

- ① Alisin ang transparent cover / pantakip na plastik.
- ② Idiin nang 2-3 beses sa mismong lagusan (puwet) ang kulay asul na bahagi ng plastik.
- ③ Alisin ang plastik sa lagusan ng puwet.
- ④ Idikit muli ang transparent cover o pantakip na plastik.

~Sa ikalawang araw~

- ⑤ Ulitin ang bilang ①~③ sa unang araw ng pagsusuri
- ⑥ Tanggalin ang takip ng unang araw at pagtapatin ang unang araw sa ika-2 araw na plastik.



4. ぎょう虫^{ちゅう}を予防^{よぼう}しよう！

1. 爪^{つめ}を短^{みじか}く切り、かまないようにしよう。
2. お尻^{しり}の穴^{あな}をかかないようにしよう。
3. トイレの後^{あと}やごはんの前^{まえ}は、手^てをよく洗^{あら}おう。
4. パンツを清潔^{せいけつ}に保^{たも}とう。

5. ぎょう虫^{ちゅう}がみつかったら

- ・ ぎょう虫^{ちゅう}を退治^{たいじ}するための薬^{くすり}をのみます。医師^{いし}や薬剤師^{やくざいし}に相談^{そうだん}しましょう。
- ・ 薬^{くすり}は、卵^{たまご}には効^ききません。そのため、成虫^{せいちゅう}になる期間^{きかん}をかんがえて、1回目^{かいめ}に薬^{くすり}をのんだ後^{あと}の2～3週間^{しゅうかん}後に、もう一度^{いちど}薬^{くすり}をのみます。
- ・ 家族^{かぞく}に感染^{かんせん}することもあります。その場合^{おお}、一緒^{ばあい}に治療^{いっしょ}しましょう。

6. 検査日^{けんさび}を忘れ^{わす}ないで！

小学^{しょうがっこう}校^{けんさ}の検査^うを受けなかったら、各自^{かくじ}で検査^{けんさ}を受けます。その場合^{ばあい}、有^{ゆう}料^{りょう}です。絶対^{ぜったい}に、小学^{しょうがっこう}校^{けんさ}の検査^び日^{わす}を忘れ^{わす}ないようにしましょう。

検査^{けんさ}の結果^{けっか}が出^でたら、小学^{しょうがっこう}校^{つた}へ伝^{つた}えてください。

4. Iwasan ang Gyouchuu ! (Threadworm / Bulate sa Katawan)

1. Gupitin ang kuko, huwag kakagatin o ngangatngatin.
2. Huwag kamutin ang puwet.
3. Hugasan mabuti ang kamay pagkagaling sa banyo o bago kumain.
4. Panatiliin ang pagsuot ng malinis na panty o brief.

5. Kapag nakakita ng Gyuuchuu bulate (threadworm)

- Uminom ng pampurga. Kumunsulta sa doktor.
- Hindi agad tumatalab ang gamot sa itlog. Dahil dito isaisip ang paglaki ng bulate. Pagkatapos uminom ng pang-unang gamot, uminom muli ng gamot pagkalipas ng 2~3 linggo.
- Maaaring may nahawaan na rin sa pamilya. Hinggil dito, sama-samang gamutin ito.

6. Huwag kalimutan ang araw ng pagsusuri

Kapag nakalimutang magpasuri sa elementarya, kakailanganin pa ring magpasuri sa ibang lugar. Maaaring may bayad na ito, kung kayat huwag kalilimutan ang araw na nakatakda.

Ipaalam ang resulta ng pagsusuri sa elementarya.

けんべん 検便

分からないことや困ったことがあったら、先生に相談しましょう。

1. けんべん 検便とは？

病^{びょう}気^きや寄^き生^{せい}虫^{ちゅう}、細^{さい}菌^{きん}が体^{たい}内^{ない}にあるかどうか、うんちを調^{しら}べる検^{けん}査^さです。小^{しょう}学^{がっこう}では、病^{びょう}気^きが広^{ひろ}まらないように、1年^{ねん}に1回^{かい}全^{ぜん}員^{いん}検^{けん}査^さをします。仕^{しか}方^たが分^わからないときは、先^{せん}生^{せい}に聞^きいてで^きるようにしましう。

検^{けん}査^さの結^{けつ}果^かが陽^{やう}性^{せい}なら、も^いう一^{いち}度^ど検^{けん}査^さが必^{ひつ}要^{よう}です。病^{びょう}院^{いん}で検^{けん}査^さを受^うけましう。

2. いつけんべん 検便をするの？

小^{しょう}学^{がっこう}では、毎^{まい}年^{とし}春^{はる}(4月^{がつ}～6月^{がつ}の 間^{あいだ})に検^{けん}便^{べん}をします。検^{けん}便^{べん}検^{けん}査^さを受^うけてい^{ない}とプー^るに入^{はい}ることができま^せん。ま^た検^{けん}便^{べん}で陽^{やう}性^{せい}反^{はん}応^{おう}が出^でた場^{ばあい}合^{ちりよう}、治^ち療^{りよう}をしない^はいとプー^るに入^{はい}れま^せん。

____月____日()にけんべん
検便をします。✎

3. けんべん どうぐ 検便の道具

検^{けん}便^{べん}の道^{どう}具^ぐ(検^{けん}便^{べん}採^{さい}取^{しゅ}容^{よう}器^き)は、何^{なん}種^{しゅ}類^{るい}かありま^す。

けんべんさいしゅよう き れい
[検便採取容器の例]

①



②



③



4. けんべん し かた 検便の仕方

検^{けん}便^{べん}の仕^し方^{かた}は、容^{よう}器^きの種^{しゅ}類^{るい}によっ^て違^{ちが}いま^す。種^{しゅ}類^{るい}によっ^ては、容^{よう}器^きが2本入^{ほんはい}っていること
が
あ
り
ま
す。そ
の
場
合
は、2日^{ふつか}分^{ぶん}のうんちを取^とる必^{ひつ}要^{よう}があ
り
ま
す。通^{かよ}っている小^{しょう}学^{がっこう}の先^{せん}生^{せい}に
確^{かく}認^{にん}しましう。こ
こ
で
は②の検^{けん}便^{べん}採^{さい}取^{しゅ}容^{よう}器^きの
方^{ほう}法^{ぽう}を紹^{しょう}介^{かい}しま^す。

Pagsusuri ng Dumi (Kemben)

Sumangguni sa guro kung may mga katanungan o hindi maintindihan.

1. Ano ang Kemben ?

Ito ay isang pagsusuri para malaman kung may sakit, bacteria o mikrobyo na magiging sanhi ng ibang karamdaman sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa dumi ng bata. At para huwag itong kumalat sa buong elementarya, isinasagawa ito isang beses sa loob ng isang taon. Kung hindi alam ang paggamit nito, magtanong sa guro. Kapag mayroong nakita sa resulta positive muling uulitin ang pagsusuri na gagawin sa ospital.

2. Kailan magpapatingin ng dumi ?

Ang kemben ay isinasagawa taun-taon mula sa buwan ng Abril~ Hunyo. Hindi makakasali sa pool kapag hindi nagpasuri nito. Para sa mga bata ng positibo ang resulta, hindi makakasali sa pool hanggat hindi pa ito gumagaling.

Buwan _____araw _____() susuriin ang dumi. 

3. Gamit sa pagtingin ng dumi

May ilang uri ng mga kagamitan nito .

[Halimbawa ng container]

①



②



③








4. Paraan ng pagkuha ng dumi

Iba ang paraan ng pagkuha ng dumi sa bawat uri ng kagamitan nito. Kapag dalawa ang lalagyan (larawan sa ②), kailangang kunan ng dumi ang bata sa una at ikalawang araw ng pagdumi nito. Alamin sa guro ng paaralan ng bata.

	けんべん てじゅん 検便の手順	
①	ようき いっしょにラベルがはい 容器と一緒にラベルが入っています。ラベルに こ 子どもの名前、性別、年齢、うんちを取った日 を書きます。	
②	キャップをまわしてひきぬ キャップを回して引き抜きます。	
③	トイレトーパーを折りたたみ、便器の中に 置き、その上にうんちをします。	
④	けんべんさいしゅようき ぼう さき 検便採取容器の棒の先でうんちを取ります。 ぼう さき ひょうめん 棒の先で、うんちの表面をまんべんなくこす り取ります。	
	ちゅうい ぼう 注意: 棒についているうんちの量が多すぎる ときちゃんと検査ができません。棒の溝が埋まる くらいにしましょう。	
⑤	ぼう ようき さ こ 棒を容器に差し込み、パチンとお音がするまで押 し込みます。1回閉めたらもう開けてはいけま せん。	
⑥	ていしゅつよう ふくろ い 提出用の袋に入れて、しょうがっこう ていしゅつ 小学校に提出します。	

5. けんべん とき ちゅうい 検便をする時の注意

- ・ かなら ほんにん こ
必ず本人(子ども)のうんちを取ります。
- ・ けんべんさいしゅき なか えき す だ
検便採取器の中の液は、捨てたり出したりしてはいけません。

	Paraan sa pagkuha ng dumi	
①	Isulat ang pangalan ng bata, kasarian, gulang o edad at petsa ng pagkuha ng dumi sa label / papel na nasa lagayan.	
②	Paikutin ang takip at hugutin.	
③	Magtiklop ng toilet paper, ilagay sa loob ng toilet bowl o inidoro para isapin at dumumi sa ibabaw nito.	
④	Gamitin ang stick ng lalagyan sa pagkuha ng dumi. Kunin ng maayos ang dumi na gamit ang dulo ng stick.	
	Paalala: May posibilidad na hindi magiging maayos ang pagsusuri kapag masyadong marami ang ilalagay. Kumuha lamang ng katamtamang dami ng dumi na angkop para matakpan ang guhit sa stick.	
⑤	Ibalik ang stick sa loob ng lalagyan hanggang sa tumunog ito. Hindi na ito puwedeng buksan ulit kapag naisara na.	
⑥	Ilagay sa plastik na lalagyan at ibigay sa elementarya.	

5. Dapat ingatan sa pagkuha ng dumi ?

- Siguraduhing dumi ng bata ang ilalagay.
- Huwag ilabas o itapon ang laman na nakalagay sa loob ng lalagyan.

感染症

分からないことや困ったことがあったら、先生に相談しましょう。

1. 感染症ってなに？

感染症とは、ウイルスや細菌が体の中に入って起こる病気です。子どもは免疫力が十分でなく、急に発病することがあります。また、病気の進行も早いので、十分注意が必要です。また、感染のルートはさまざまです。せき・くしゃみによって広がったり、手や食べ物を通して広がります。これらのルートをさえぎることが大切です。

2. 感染症にかかったら

感染症にかかったら、小学校へ行くことができなくなる場合があります。医師に小学校に行けるかどうか確認しましょう。

○小学校へ行けない場合 → 他の子どもへ感染しないと判断されるまでの期間、保護者が家などで看病します。「出席停止証明書」などの書類が必要な場合があります。確認しましょう。

病気が治って小学校に行くには…

「行っても大丈夫」という「登校許可証」を、医師に記入してもらうことが必要です。それを先生に提出します。

○小学校へ行ける場合 → 行けるからといって油断は禁物です。病気をほかの子どもに感染させるおそれがあります。子どもの様子を十分に観察して、何か気になることがあれば、すぐに医師や小学校の先生に伝えましょう。

3. 感染症を予防しよう！

家にいるときも、感染症を予防することはとても大切です。

(1) こまめに手洗いをしよう

石けんを泡立てて、手のすみずみまで洗います。そのあと、水で洗い流します。

(2) マスクをつけよう

特に病気の子どもは、マスクをつけます。

Impeksyon(Kansenshou)

Sumangguni sa guro kung may mga katanungan o hindi maintindihan.

1. Ano ang kansenshou ?

Ang impeksyon ay sakit na nakukuha sa pagpasok ng mikrobyo o bakteriya sa katawan. Dahil mahina pa ang resistensiya at panlaban ng katawan ng bata sa sakit, may pagkakataong bigla itong magkakaroon ng impeksyon. Sa kabila nito, mabilis ang pagkalat ng sakit kaya dapat agad mabigyan ng lunas. Iba-iba ang uri ng impeksyon. Maaaring ito ay makuha sa ubo, pagbahing o paghawak ng pagkain. Mahalagang maiwasan ang mga dahilan ng pagkahawa.

2. Dapat gawin kung magkaroon ng impeksyon

Maaaring hindi makapasok ng elementarya kapag nagkaroon ng impeksyon. Ikunsulta sa doktor kung puwedeng pumasok ng paaralan.

- Kung hindi makapasok → Hindi maaaring pumasok ng elementarya upang maiwasan ang makahawa sa ibang bata. Alagaan ang bata sa bahay. Kakailanganin ang **School Absences Certificate 「Shusseki Teishi Shoumeisho」** sa ganitong kalagayan. Alamin ang ukol dito.

Matapos gumaling at muling papasok sa elementarya

Kumuha ng katibayan sa doktor na maaari ng pumasok ang bata. Humingi ng Sertipiko sa pagpasok (**Certificate to Attend the School**) 「**Toukou KyokaShou**」 upang ipakita sa guro.

- Kung maaaring pumasok → Kahit na puwedeng pumasok ang bata, sa dahiling ang sakit ay maaaring makahawa sa kapwa, alaming mabuti ang kalagayan at pakiramdaman nito. Kung may hindi karaniwang napupuna sa bata, ikunsulta agad sa mangagamot o ipagbigay-alam sa guro.

3. Iwasan ang paglaganap ng impeksyon !

Kahit na nasa bahay, mahalagang iwasan ang paglaganap ng impeksyon.

(1) Hugasang mabuti ang kamay

Basain ang kamay at pabulaing maigi ang sabon. Sabunin ng maigi pati kasulok-sulukan ng daliri at banlawan ito ng mabuti.

(2) Magsuot ng mask

Pagamitin ng mask ang batang may sakit.

(3) おう吐物^{とぶつ}やうんち^きに気^きをつけよう

おう吐物^{とぶつ}やうんち^きには、ウイルスが^{ふく}含まれていることがあります。使い捨て^{つかす}のマスクやビニール手袋^{てぶくろ}をつけて、できるだけ^{はや}早く^と取り除^{のぞ}きます。

(4) そうじをしよう

床^{ゆか}や壁^{かべ}やドアなど、こまめに水拭^{みずふ}きします。

(5) 予防接種^{よぼうせっしゅ}を受けよう→ (p. 101 「予防接種^{よぼうせっしゅ}」のページ^みを見てください)

(6) 生活リズム^{せいかつ}をととのえよう

ふだんから食事^{しょくじ}、睡眠^{すいみん}などを充^{じゅう}分^{ぶん}にとります。また、運動^{うんどう}をして体^{からだ}を丈夫^{じょうぶ}にすることも大切^{たいせつ}です。→ (p. 125 「元気^{げんき}な子ども^この1日^{いちにち}」のページ^みを見てください)

(3) Mag-ingat sa suka at dumi

Maaaring may kasamang bakteriya o mikrobyo ang suka at dumi. Gumamit ng plastik na guwantes (disposable gloves) o mask bilang proteksiyon sa paglilinis nito. Hanggat maaari ay linisin agad.

(4) Maglinis

Punasan ang dinding at sahig. Kung maaari ay gumamit ng tubig sa paglilinis.

(5) Magpabakuna → (Tingnan ang pahina 102 [Bakuna / Imunisasyon])

(6) Isaayos ang nakagisnang kaugalian

Matulog sa tamang oras at kumain ng wastong pagkain. Mahalaga din ang regular na ehersisyo para sa kalusugan ng katawan. → (Tingnan ang pahina 126 [Ang Isang Araw ng Malusog na Bata])

けんこうしんだん 健康診断



分からないことや困ったことがあったら、先生に相談しましょう。

____月____日（ ）に けんこうしんだん 健康診断をします。✎

1. けんこうしんだん 健康診断ってなに？

けんこうしんだん 健康診断では、こどもたちの からだ はついく 体の発育のようすや、えいようじょうたい かくにん 栄養状態を確認します。せんもん いしや 専門のお医者さんがしょうがっこう 小学校に来て、けんこうしんだん 健康診断をします。

2. なにをするの？

✎	なにをするの？	どんなけんさ 検査なの？
	① たいじゅうそくてい 体重測定	けんさ じょうげたいそうふく はだし おこな がっこう おお 検査は上下体操服・裸足で行う学校が多いです。こどもの たいじゅう しんちょう 体重・身長を せいかく そくてい 正確に測定するためです。しゅうきょうじょう りゆう いせい まえ きが 宗教上の理由で、異性の前で着替えることができない、はんそで はん 半袖・半ズボンの たいそうふく 体操服を着ることができない場合は、せんせい そうだん 事前に先生に相談しましょう。
	② しんちょうそくてい 身長測定	
	③ ないしん しょうしん 内診、触診	いし が、こどもの むね せなか ちようしんき あ 医師が、子どもの胸や背中に聴診器を当てて、しんそう おと き 心臓の音を聞きます。また、め や のど、 はな なか をみることもあります。
	④ がん かけんしん 眼科検診 しりよくけんさ 視力検査	しりよくけんさ 視力検査ではスプーンのような どうぐ かため かく 道具で片目を隠します。もう一方の目で、けんさよう きごう え を けんさよう きごう え 検査用の記号や絵はいろいろな おお きが 大きさ・形があります。こどもたちは、じぶん み 自分が見たものが何かを答えます。
	⑤ ちようりよくけんさ 聴力検査	こ 子どもの はんのう 反応があるかないかで、きこえているかどうかを はんだん 判断します。
	⑥ し かけんしん 歯科健診	こどもは口を大きく開けます。は いしや が、こどもの ぐち なか み 歯医者さんが、子どもの口の中を見ます。おもに、は じょうたい は 歯の状態（歯をしっかりとみがいているか、は なら 歯並びはどうか、かみあわせはどうかなど）を見ます。 ※しょうがっこう 小学校によっては、むし歯を防ぐため、ていきてき 定期的に「フッ素洗口」を行う 学校もあります。せんよう えき 専用の液を口に含み、ぶくぶくうがい を します。

Pagsusuri sa Kalusugan(Kenkoushinda)

Sumangguni agad sa guro kung may mga katanungan o hindi maintindihan.



Buwan_____Araw_____() ang pagsusuri sa kalusugan (kenkoushinda).

1. Ano ang kenkoushinda ?

Ang kenkoushinda health check-up ay ang pagsusuri sa paglaki ng bata at ang nutrisyon sa katawan. Mayroong dalubhasang manggagamot na pumupunta sa elementarya upang suriin ang mga bata.

2. Ano ang gagawin ?

 Ano ang gagawin ?	Anong uri ng pagsusuri ?
①Timbang	Dito susukatin ang timbang at taas ng bata. Para maging wasto o tama ang pagkuha ng timbang at taas, ang mga bata ay kadalasang nakapaa o nakayapak at nakasuot ng P.E. na uniporme. Kung ang pagbibihis o pagsusuot ng damit na may maikling manggas at maikling pantalon o short pants ay ipinagbabawal dahil sa relihiyon, ipagbigay-alam agad sa guro.
②Taas	
③Loob ng katawan (Internal check -up)	Susuriin ng doktor ang dibdib at likod sa pamamagitan ng paggamit ng estetoskop (stethoscope) upang pakinggan ang pintig ng puso. May pagkakataon din na tingnan ang mata at ilong ng bata.
④Pagsusuri sa mata (Paningin)	Sa pagsusuri, may gamit na hugis kutsarang itinatakip sa isang mata at titingnan ang isang larawang may simbolo na may iba't-ibang hugis at laki. Sasabihin ng bata kung ano ang nakikita dito (ito ay gagawin sa magkabilang mata).
⑤Pagsusuri sa Tainga (Pandinig)	Dito susuriin ang pandinig ng bata. Kung may nadidinig at kung ano ang naririnig.
⑥Pagsusuri sa ngipin	Ibubuka ng malaki ang bibig at titingnan ng dentista ang loob ng nito. Titingnan ang kalagayan ng ngipin kung nasa ayos, pantay- pantay at kung wasto ang pagsisipilyo. ※ May mga elementaryang regular na pinamumumog ang mga bata ng isang uri ng flouride protekta para sa sirang ngipin (cavity).

3. 健康診断は受けないといけないの？

必ず受けさせてください。小学校に通う子どもたちは、少なくとも1年間に2回、健康診断を受けることになっています。また、健康診断の内容や方法は決められています。

子どもの体や口の中を人に見せたりすることに抵抗を感じるかもしれません。でも、安心してください。専門の医師が、正しい方法で検査します。子どもの健康と成長のために、健康診断を受けさせてあげてくださいね。

4. 知っていてほしいこと…

(1) 子どもの成長

健康診断の結果を見ると、「うちの子は、まわりの子より細い…」「うちの子は、標準体重より重い…」など、心配になることがあるかもしれません。とくに、一人目の子どもを育てている保護者の方は心配になることがあるかもしれません。

知っておいてください。小学校に通う小さな子どもたちは、成長の様子が一人ひとり大きく違います。これは、お母さんのお腹の中にいた日数、生まれた時の体の大きさ、生まれてからの栄養状態、子どもの体質によります。早い段階で、急激に成長する子もいれば、ゆっくり成長する子もいます。

どうか、健康診断の結果だけを見て、まわりの子どもと自分の子どもを比べて、ひとりで不安にならないでください。子どもたちの成長の様子は、みんな違うのです。

(2) 心配なときは

それでも、子どもの成長を見ていて心配になることがあるかもしれません。そんなとき、ひとりで悩まないでくださいね。

まずは、小学校の先生に話してください。小学校の先生は、保護者と一緒になって子どもの成長をサポートします。気軽に話してくださいね。

3. Kailangan bang gawin ito ?

Kailangang magpatingin sa tuwina. Halos dalawang beses sa isang taon sinusuri ang mga batang nag-aaral sa elementarya at nakatalaga kung ano ang mga pagsusuring ginagawa sa mga bata.

Maaaring mailang ang bata sa pagtingin ng ibang tao sa loob ng kanilang bibig at katawan, subalit walang dapat ipangamba. Mga dalubhasang manggagamot ang titingin sa kanila at alam nito ang tama at nararapat na pagsusuri. Para sa kalusugan at maayos na paglaki ng bata, ugaliing magpatingin.

4. Mga dapat malaman

(1) Sa paglaki ng bata

Sa pagtingin ng resulta ng kenkoushingan mapapansin dito na " mas maliit ang anak ko kaysa ibang bata... " o kaya " mas mabigat ang timbang ng anak ko base sa normal na timbang ng mga bata.... " at iba pang mga mapupunang pagkakaiba sa ibang bata. Lalo na sa magulang na nagsosolo o nag-iisa ang anak, ito ay malaking alalahanin sa kanila.

Subalit dapat isa-isip na ang bawa't isang bata ay may kani-kanyang laki at hindi magkakapareho ang bawat isa mula pa ng ito ay ipanganak. Ito ay nababase sa bilang ng araw na itinagal sa loob ng sinapupunan ng ina, sa laki ng ipinanganak at kung ano pang kalagayan ng katawan ng ito ay lumabas sa tiyan. May batang mabilis at mayroon din namang batang mabagal ang paglaki.

Tingnan ang resulta ng kenkoushingan ng anak sa halip na ikumpara o ibase sa laki at bigat ng ibang bata. Huwag mangamba, magkakaiba ang paglaki ng bawat isa.

(2) Kung may pag- aalinlangan

Kung may bumabagabag sa isip ukol sa paglaki ng bata, huwag mag-atubiling sumangguni at kausapin ang guro.

Ang guro ay nakahandang makinig at tumulong sa paglaki ng bata. Huwag mag-alinlangang sabihin ang mga suliranin tungkol dito.

えいせいかんり 衛生管理



分からないことや困ったことがあったら、先生に相談しましょう。

1. 衛生管理ってなに？

衛生管理とは「子どもが常に健康、清潔でいられるように、保護者が気をつけておきましょう」ということです。子どもが清潔でいることは子どもの成長に大切なだけでなく、小学校で集団生活を送る子どもの人間関係にも、とても大切なことです。

2. 清潔検査ってなに？

小学校では定期的に清潔検査があります。清潔検査とは、子どもにいくつか質問をして「清潔にしよう」「健康に気をつけよう」ということを教えていくための検査です。

	★なにを聞かれるの？	★なんで必要なの？
1	ハンカチ、ティッシュを持っていますか？	ハンカチ、ティッシュを持っていないと、手を洗った後に服で手を拭いたり、手や服で鼻を拭いたりします。ばい菌が増え、病気になるかもしれません。また持ち歩くハンカチは毎日洗いましょう。
2	爪は長くないですか？	手と足の爪を定期的に切るようにしましょう。爪が長いと、汚れやばい菌がたまってしまいます。遊んでいる時に友だちにけがをさせてしまうかもしれません。手のひらから見て、爪の先が見えない長さがいいでしょう。ただ切りすぎないように気をつけましょう。
3	歯をみがきましたか？	食事のあとは歯をみがきましょう。みがかないと虫歯になってしまいます。
4	毎日お風呂に入っていますか？	子どもはたくさん汗をかきます。毎日お風呂に入って、体の汚れを流し頭を洗いましょう。毎日お風呂に入らないと、においがしてくることがあります。
5	手洗い・うがいをしていますか？	石けんを使って手を洗いましょう。外から室内に入ったらうがいをしましょう。ばい菌を落とし、風邪の予防になります。
6	下着を着ていますか？	服の下にシャツやタンクトップなどの下着を着ましょう。下着が汗を吸収してくれます。また靴下も履くようにしましょう。裸足で靴をはくと、足がにおってくるがあります。

Pagpapanatili ng Kalinisan(Eiseikanri)

Sumangguni sa guro kung may mga katanungan o hindi maintindihan.



1. Ano ang eiseikanri ?

Ito ay ang pagpapanatili sa kalinisan. Ang eiseikanri ay para sa kapakanan ng kalusugan at kalinisan ng pangangatawan ng bata. Sikapin ng magulang na mapangalagaan ang katawan ng bata. Ang pagpapanatili sa kalinisan ay mahalaga hindi lang sa paglaki ng bata kundi sa pakikisalamuha din sa kapwa bata at ang pakikisama sa kanilang grupong sinasamahan. Ito ay napakahalagang bagay na dapat gawin.

2. Ano ang seiketsu kensa ?

Ang pagsisiyasat sa kalinisan (seiketsu kensa), ay regular na isinasagawa sa elementarya. May mga katanungan hinggil sa pagpapanatili ng kalinisan at pag-iingat sa kalusugan ang itinaturo sa mga ito.

	★ Ano ang mga katanungan ?	★ Bakit nararapat gawin ito ?
1	May dala ka bang panyo o tissue paper ?	Kapag walang dalang panyo, gagawing pamunas ng ilong o ng kamay ang damit pagkatapos hugasan ito. Maaaring dumami ang mikrobyo na magiging sanhi ng sakit. Labahan araw-araw ang dalang panyo.
2	Mahaba ba ang mga kuko mo ?	Panatiliing maiksi ang mga kuko sa kamay at paa. Kapag ang kuko ay mahaba, madali itong mapuno ng dumi at pasukin ng mikrobyo. May posibilidad na makasugat sa kaibigan habang naglalaro. Gupitin ang kuko sa tamang haba, ingatan ang masobrahan ng paggupit.
3	Nagsisipilyo ka ba ?	Magsipilyo matapos kumain. Nagiging sanhi ng sirang ngipin (cavity) ang hindi nagsisipilyo.
4	Araw-araw ka bang naliligo ?	Ang mga bata ay mabilis pagpawisan. Maligo araw-araw, linisin ang ulo at katawan. Nagkakaroon ng amoy ang katawan kapag ito'y hindi napapaliguan.
5	Nagmumumog ka ba at nahuhugas ng iyong kamay ?	Gumamit ng sabon sa paghugas ng kamay. Magmumog pag-uwi ng bahay. Ito ay para matanggal ang mikrobyo at makaiwas sa sakit.
6	Nagsusuot ka ba ng pang-ilalim na damit (under wear)?	Magsuot ng kamisol o kamiseta, pang-itaas na under wear. Ito ay makakatulong sa pagsipsip ng pawis. Magsuot din ng medyas. Kapag nagsuot ng sapatos na walang medyas, maaaring mangamoy ang paa.

7	かお あら 顔を洗いましたか？	あさ お かお あら よご め お 朝起きたら顔を洗って、汚れや目やにを落としましょう。 う。朝、顔を洗うと目が覚めます。
---	----------------------------	--

※清潔検査で全部の項目を聞かれるわけではありません。ただ清潔のためにしておくといいいこと
とです。保護者が気をつけてあげるようにしましょう。

3. 家庭で気をつけること…

保護者が協力しないと子どもの清潔を保つことはできません。家庭でも特に以下のことに
気をつけましょう。

①洗濯

子どもはたくさん汗をかきます。子どもの服、体操服、給食ナプキンはきちんと洗濯し
ましょう。また給食当番の週は金曜日に白衣と帽子を持って帰ってきます。洗濯をして
アイロンをかけてから、月曜日に小学校に持っていけるようにしましょう。忘れたり洗濯を
していなかったりすると、次の当番の子どもに迷惑がかかってしまいます。

②洗い物

給食で使ったはしや学校に持っていった水筒は毎日洗いましょう。洗わないと、ばい菌
が増えたものに口をつけることになってしまいます。

③お風呂

毎日お風呂に入るようにしましょう。子どもは汗をたくさんかきます。体の汚れを流し、
頭を洗いましょう。湯船につからなくても、シャワーを浴びたり、濡れタオルで体を拭い
たりするのも大丈夫です。

お風呂に入らないと、子どもからにおいがしてくることがあります。だからといって子
どもに香水など香りのあるものをつけることはやめましょう。日本の子どもは香水をつける
習慣がありません。小学校に香水をつけていくと、それがいい香りでも「くさい」と言わ
れてしまうかもしれません。

国によって毎日お風呂に入らない国もあるかもしれません。しかし日本の気候は、気温も
湿度も高く汗をかきやすいです。毎日汚れや汗をきちんと落としましょう。



7	Naghihilamos ka ba ?	Maghilamos paggising sa umaga, tanggalin ang muta at dumi sa mukha. Makakatulong ito para mamulat ang mata at magising ang diwa.
---	----------------------	--

※ Hindi lahat ng mga nakasulat dito ay tinatanong sa seiketsu kensa. Ngunit mas makabubuti kung itanim sa isipan ang mga katanungang ito hinggil sa kalinisan. Bilang magulang, pangalagaan ang inyong anak.

3. Mga dapat ingatan sa tahanan

Hindi matutupad ng bata ang pagpapanatili sa kalinisan kung walang kooperasyon ang magulang. Ingatan ang mga sumusunod lalo na sa loob ng tahanan.

①Paglalaba

Ang bata ay madaling pagpawisan kayat palagiin ang paglalaba ng damit, P.E. uniporme at kyuushoku napkin. Pati na rin sa araw na maytoka sa paghahanda ng tanghalian iuwi ng bata ang gagamitin puting damit at sumbrero sa araw ng Biyernes. Labahan, plantsahin at tiyaking ipadala sa bata sa araw ng Lunes. Malaking perhuwesyo ito sa susunod na nakatokang bata kung makakalimutang dalhin.

②Mga huhugasan

Hugasan ang mga ginamit sa pananghalian sa elementarya. Maraming mikrobyong makakapasok sa loob ng bibig kung hindi huhugasan.

③Ang pagligo

Maligo araw-araw. Ang bata ay madalas pagpawisan kayat kailangang matanggal ang dumi sa katawan at sa ulo. Kahit hindi na pumasok at maglublob sa bath tub, ang pag-shower o kaya pagpupunas ng basang tuwalya ay makakabuti rin.

Sa hindi pagligo ng bata magkakaroon ito ng amoy. Hindi dapat gumamit ng pabango o anumang uri ng kolon ang bata sa elementarya. Hindi nakagisnang gumamit ng pabango o kolon ang mga batang Hapon. Kahit na mabango, sasabihing "amoy" kapag ito ay na amoy.

May pagkakaiba sa bawat bansa ang paraan ng pagligo at may bansa namang hindi kailangang maligo araw-araw. Subalit sa bansang Hapon, dahil sa klema at mataas na temperatura ng init ng panahon, madaling pagpawisan ang mga tao. Maglinis ng katawan sa tuwina.



げんき こ 元気な子どもの1日 にち



分からないことや困ったことがあったら、先生に相談しましょう。

子どもが毎日を元気に過ごすために、生活リズムをととのえましょう。子どもが明るく元気に過ごすには、運動、バランスの良い食事、十分な睡眠が必要です。特に早起・早起き・朝ごはんは、子どもの成長にとっても大切です。保護者の生活は子どもの生活リズムに大きな影響を与えます。子どもと保護者、一緒に規則正しい生活を心がけましょう。

あさ

- 生活リズムをととのえるには、早起きが大切です。登校するギリギリの時間ではなく余裕をもって起きましょう。朝起きたらカーテンを開け、太陽の光を浴びましょう。
- 必ず朝ごはんを食べましょう。朝ごはんが、午前中の勉強や休み時間を元気に過ごすエネルギーになります。朝ごはんを食べないと、授業中に頭がぼんやりしたり、眠くなったりします。また食事のバランスが崩れ、肥満につながることがあります。
- なるべく朝に家でうんちをしましょう。うんちの状態は健康の目安です。
- 顔を洗って歯みがきをしましょう。

ひる

- 体育の時間に運動したり、休み時間に外で遊んだりして、適度に運動しましょう。
- 外から帰ったら手洗い・うがいをしましょう。
- 給食をしっかり食べましょう。
- 夕食までの間にお腹が空いたら、おやつを食べましょう。



よる

- 夜ごはんはバランスよく食べましょう。あまり遅くならないようにしましょう。
- お風呂に入りましょう。子どもは汗をたくさんかきます。汚れを流し頭を洗いましょう。
- 寝る前に歯をみがきましょう。
- 夜9時までに寝ることが目標です！子どもの体も頭も寝ている間に成長します。寝るのが遅くなり睡眠時間が短くなると、子どもの学力に影響したり、子どもがイライラしたりします。早く寝るようにしましょう。



なぜ手洗い・うがいをするの？

手や口のなかにいるウイルスやばい菌を洗い落とし、病気を予防するためです。

うがいの方法

水を口に含み、上を向いて口を開けながら「あー」や「がー」と声を出します。そのあと水を吐きだして捨てます。これを数回くり返しましょう。

Ang Isang Araw ng Malusog na Bata



Sumangguni sa guro kung may katanungan o hindi maintindihan.

Para sa kalusugan ng bata, isaayos ang nakagisnang gawi sa araw-araw. Upang maging masaya at masigla ang pangangatawan ng bata, kinakailangan ang ehersisyo (exercise), pagkain ng masustansiyang pagkain at tamang oras ng pagtulog. Ang kasabihang **maagang pagtulog, maagang paggising at almusal** ay napakahalaga sa pag-unlad ng katawan nito. Ang nakagawian ng magulang ay magdudulot ng malaking impluwensiya sa bata. Para sa magulang at batay, ugaliin ang wastong paraan ng pang-araw-araw na pamumuhay.

umaga

- Ang paggising sa umaga ay mahalaga sa pag-aayos ng araw-araw na pamumuhay. Gumising ng maaga lalo na kung may pasok nang hindi gahulin sa oras. Buksan ang kurtina para masinagan ng araw.
- Siguraduhing kumain ng agahan. Ang almusal ay magdudulot ng lakas (energy) ng katawan para makapag-aral ang bata. Kapag hindi nakakain sa umaga, mawawalan ng sigla, hindi makapag-aral ng mabuti at at ito'y aantukin. Isa ring magiging sanhi ng pagtaba dahil sa hindi balanseng pagkain.
- Ugaliin ang pagdumi sa umaga. Ang pagdumi ay isang kondisyon ng kalusugan.
- Maghilamos ng mukha at magsipilyo.

tanghali

- Maglaro at mag-ehersisyo (exercise) oras ng taiiku edukasyong pampalakas at pahinga (break time).
- Maghugas ng kamay at magmumog pagkagaling sa labas.
- Kumain ng tanghalian (kyuushoku).
- Magmiryenda kung sakaling gutumin bago dumating ang hapunan.



gabi

- Kumain ng balanseng pagkain sa hapunan at iwasang kumain sa masyadong gabi.
- Ang bata ay pawisin, maligo at hugasang maigi ang ulo at katawan.
- Magsipilyo bago matulog.
